Republika ng Pilipinas
**Kagawaran ng Edukasyon**
Rehiyon I
**SANGAY NA TANGGAPAN NG MGA PAARALAN**
**LUNGSOD NG DAGUPAN**

KALATAS PANSANGAY
Blg. 250, s. 2019

RELEASED
DEPED
DATE: 7-24-19
BY: [illegible]
FN 4525

Para sa: Pangalawang Pansangay na Tagapamanihala
Hepe ng CID at SGOD
Mga Tagamasid Pansangay
Mga Tagamasid Pampagtuturo
Mga Punong-guro sa Elementarya at Sekondarya – JHS at SHS (Publiko at Pribado)

Mula sa: Tanggapan ng Pansangay na Tagapamanihala

Paksa: Pansangay na Pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2019
( Pansangay na Tagisan ng Talento at I – ispel Mo)

Petsa: Hulyo 15, 2019

Management System ISO 9001:2015 TÜV Rheinland

1. Alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, ang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2019 ay mula ika – 1 hanggang ika – 31 ng Agosto na may temang, **Wikang Katutubo: Tungo sa Isang Bansang Filipino**.

2. Ang pagdiriwang ay tumutugon sa proklamasyon ng UNESCO na **International Year of Indigenous Languages (Pandaigdigang Taon ng mga Katutubong Wika) ang taong 2019.** Nilalayon na ilaan ang Buwan ng Wika sa Agosto bilang lunsaran ng mga pagpupunyagi para sa katutubong wika sa bansa.

3. Layunin ng pagdiriwang na :

a. maiangat ang kamalayan ng mga mamamayang Filipino ukol sa halaga ng multilingguwalismo sa paglikha ng isang bansang Filipino na may pagkakaunawaan.

b. mahikayat ang mga mamamayang Filipino, lalo ang mga may-ari ng katutubong wika, na makilahok sa mga gawaing pangwika ng KWF, magpatupad ng mga malikhaing programang pangwika na makatutugon sa pangangailangan ng kanilang komunidad at,

c. mapangalagaan ng KWF ang mga karampatang pangwika ng mga mamamayan sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga patakarang magbibigay siguridad laban sa mga diskriminasyong pangwika nito

4. Para sa mga paaralan narito ang mga sumusunod na lingguhang paksa sa loob ng isang buwan na pagdiriwang.

| PETSA | TEMA |
|---|---|
| Agosto 5 – 9, 2019 | Ako at ang katututbong wika |
| Agosto 12 – 16, 2019 | Pagbasa at Paglaya: Pagpapalusog ng mga Katutubong Panitikan at Kaalamang-bayan |
| Agosto 19 – 23, 2019 | Sarikultura : Multilingguwalismo at Pag-uugnayan para sa Isang Bansang Filipino |
| Agosto 26 – 30, 2019 | Pangangalaga sa mga Katutubong Wika, Pangangalaga sa Bansang Filipino |

5. Sa gawaing pansangay, magkakaroon ng Pansangay na Tagisan ng Talento gaya ng Madulang Pagkukuwento (Baitang 4, 5, 6 at 1 Visually Impaired or Difficulty in Physical Mobility na may edad labinlima pababa sa taon ng paligsahan), Sulat-Bigkas ng Tula (Sulkas-Tula Baitang 6), Dagliang Talumpati ( SHS – Baitang 11 o 12) at Interpretatibong Pagbasa (Baitang 7, 8, 9 at 10) at Paligsahan sa Ispeling I-ispel Mo (Elementarya - Baitang 6). Ito'y gaganapin sa Agosto 28, 2019 sa Sentro ng Pansangay na Pagsasanay (DTC) sa ganap na alas 7:30 ng umaga.

6. Ang paligsahan sa I-ispel Mo ay gaganapin naman sa hapon (1:30) ng Agosto 28, 2019 sa Sentro ng Pansangay na Pagsasanay (DTC),

7. Kaugnay nito, inaasahan ang bawat Distritong Pampagtuturo (Instructional District 1-10) na pipili ng kanilang magiging kinatawan sa nasabing pansangay na paligsahan sa kategoryang pang-elementarya at pansekundarya (JHS-SHS).

8. Kalakip ng kalatas na ito ang mga alituntunin, krayterya sa paligsahan, kategorya, bilang ng kalahok , bilang ng tagapagsanay at oras na inilaan sa bawat kategorya. Ito'y makikita sa **2020 Pambansang Tagisang ng Talento sa Filipino at I-ispel mo.**

9. Inaasahan ang agarang pagpapalaganap ng kalatas na ito.

**DR. LORNA G. BUGAYONG, CESO VI**
Schools Division Superintendent

# 2020 PAMBANSANG TAGISAN NG TALENTO SA FILIPINO

| | |
|---|---|
| **PALIGSAHAN** | **PAMBANSANG TAGISAN NG TALENTO** |
| **BAITANG NG MAG-AARAL** | Ang mga kalahok ay binubuo ng tig-iisang mag-aaral mula sa Baitang 4, 5, 6 at isang Highly Manageable SPED Learner in a Mainstream/Inclusive Program **(Visually Impaired or Difficulty in Physical Mobility)** na may **edad labinlima** pababa sa taon ng paligsahan. |
| **KATEGORYA** | **MADULANG PAGKUKUWENTO** |
| **BILANG NG KALAHOK** | Apat (4) |
| **ORAS NA INILAAN** | Dalawampung (20) minuto kasama ang paghahanda, pagpasok at pagbaba sa entablado. |

**Batayan ng Kapasyahan**

| Pamantayan | Bahagdan |
|---|---|
| **Interpretasyon** | 40% |
| Pagpapalutang ng diwa (20%) | |
| Pagbibigay diin sa damdamin (20%) | |
| **Hikayat** | 20% |
| Dating sa madla (5%) | |
| Pagbibigay buhay sa tauhan (5%) | |
| Tindig (5%) | |
| Kilos Pantanghalan(5%) | |
| **Bigkas** | 20% |
| Matatas at maliwanag (10%) | |
| May pagbubukod bukod ng mga salita (5%) | |
| May wastong diin at intonasyon (5%) | |
| **Tinig** | 10% |
| Lakas (5%) | |
| Taginting (5%) | |
| **Kaangkupan ng diwa at damdamin** | 10% |
| **Kabuuan** | **100%** |

**Patnubay sa Kalahok**

a) Isang kuwento ang bibigyan ng interpretasyon batay sa ibibigay ng mga hurado sa takdang araw ng paligsahan;
b) Bibigyan ng 10 minuto ang bawat kalahok upang pag-aralan ang kuwentong bibigyan ng interpretasyon;
c) Malayang baguhin ang pagkasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento.
d) Iikot ang interpretasyon sa kwento lamang;
e) Ang mga kalahok ay wala nang piyesang hawak habang nagtatanghal.
f) Siguraduhing ang bawat kasapi ng pangkat ay may aktibong partisipasyon;
g) Habang nagtatanghal ang unang kalahok, pag-aaralan naman ng susunod na kalahok ang kuwento na tatagal din ng sampung minuto, susundin ang paraang ito hanggang sa pinakahuling kalahok;
h) Lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang malaking silid na hindi naririnig ang pagtatanghal ng iba pang kalahok; samantalang ang kasunod na kalahok ay mamamalagi naman sa isa pang silid upang pag-aralan ang kuwento;
i) Ang pagtatanghal ay hindi lalampas sa sampung minuto kasama ang pagpasok at paglabas sa entablado.
j) Walang anumang **props** o kagamitan, musika at instrumento na dadalhin at gagamitin; at
k) Ang kasuotan ay **pantalong maong at puting t-shirt.**

**I. Kagamitan mula sa Tagapag-organisa ng Paligsahan**

a) Kuwentong gagamitin apat (4) **hard copy**; (3 regular, 1 enlarged and 1 transcribed)
b) Orasan, flaglets, numero ng mga kalahok; at
c) c.1 Dalawang (2) silid na **holding area** para sa 68 katao;
c.2 Isang (1) silid para sa pagsasanay; at
c.3 Isang (1) silid Tanghalan para sa higit kumulang na 200 katao.

# 2020 PAMBANSANG TAGISAN NG TALENTO SA FILIPINO

| | | |
|---|---|---|
| **PALIGSAHAN** | **PAMBANSANG TAGISAN NG TALENTO** | |
| **BAITANG NG MAG-AARAL** | Baitang 6 | |
| **KATEGORYA** | SULAT BIGKAS NG TULA **(SULKAS TULA)** | |
| **BILANG NG KALAHOK** | Isa (1) | |
| **ORAS NA INILAAN** | Isang (1) oras para sa pagsusulat, 30 minutong paghahanda at limang (5) minuto na pagtatanghal | |
| **BATAYAN NG KAPASYAHAN** | **Pamantayan** | **Bahagdan** |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **PAGSULAT** | **50%** |
| | **Interpretasyon ng Tula** | |
| | Kaugnayan sa paksa (20%) | |
| | Organisasyon ng diwa (15%) | |
| | Mekaniks (15%)<br>*(Apat (4) na saknong na binubuo ng apat (4) na taludtod na may tugma)* | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **PAGBASA** | **50%** |
| | **Hikayat** | |
| | Dating sa Madla (5%) | |
| | Kilos/galaw/kumpas (10%) | |
| | Ekspresyon ng mukha (10%) | |
| | **Tinig at Bigkas** | |
| | Lakas/ Diin/ Taginting (10%) | |
| | Matatas at maliwanag (10%) | |
| | Wastong pagbubukod ng salita (5%) | |
| | **Kabuuan** | **100%** |

**I. Patnubay sa Kalahok**

a) Ang tulang isusulat ay naaayon sa tema na ibibigay ng hurado sa araw ng patimpalak; apat na saknong na binubuo ng apat na taludtod na may tugma;
b) Ang opisyal na gagamiting papel ay magmumula sa tagapag-organisa;
c) Ang mga kalahok ay bibigyan ng isang oras na pagsusulat at tatlumpong minutong pag eensayo;
d) Ang lahat ng papel ay lilikumin ng tagapagdaloy at sisimulan na ang paligsahan;
e) Ang lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang malaking silid na hindi naririnig ang pagtatanghal;
f) Ang bawat kalahok ay bibigyan ng limang minuto sa pagbigkas ng tula kasama ang pagpasok at paglabas mula sa entablado gamit ang tulang sinulat na ibibigay muli ng tagapagdaloy; at
g) Ang kalahok ay magsusuot ng kasuotang Pilipino.

**II. Kagamitan mula sa Tagapag-organisa ng Paligsahan**

a) Paksang gagamitin;
b) Papel, bolpen, lapis at pambura;
c) Orasan, numero ng mga kalahok;
d) d.1 Isang (1)silid na **holding area** para sa 17 katao; at
d.2 Isang (1) silid Tanghalan para sa higit kumulang na 100 katao.

# 2020 PAMBANSANG TAGISAN NG TALENTO SA FILIPINO

| | | |
|---|---|---|
| **PALIGSAHAN** | **PAMBANSANG TAGISAN NG TALENTO** | |
| **BAITANG NG MAG-AARAL** | Baitang 11 o 12 | |
| **KATEGORYA** | DAGLIANG TALUMPATI | |
| **BILANG NG KALAHOK** | Isa (1) | |
| **ORAS NA INILAAN** | Anim (6) na minuto kasama ang paghahanda at pagtatalumpati | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **Pamantayan** | **Bahagdan** |
| | **Interpretasyon** | 35% |
| | Kaugnayan sa paksa (20%) | |
| | Pagbibigay diin sa damdamin (15%) | |
| | **Hikayat** | 25% |
| | Kilos, galaw, kumpas (10%) | |
| | Dating sa Madla (5%) | |
| | Kakanyahang pantanghalan (5%) | |
| | Ekspresyon ng mukha (5%) | |
| | **Tinig** | 20% |
| | Kaangkupan ng diwa at damdamin (10%) | |
| | Taginting (5%) | |
| | Lakas (5%) | |
| | **Bigkas** | 20% |
| | Matatas at maliwanag (10%) | |
| | Wastong pagbubukod ng salita (5%) | |
| | Diin/Indayog (5%) | |
| | **Kabuuan** | 100% |

**I. Patnubay sa Kalahok**

a) Ang paksa na manggagaling sa tagapag-organisa ay ibibigay sa takdang oras;
b) Ang kalahok ay bibigyan lamang ng tatlong minutong paghahanda hinggil sa paksang napili habang nagtatalumpati ang sinusundang kalahok;
c) Ang bawat kalahok ay bibigyan ng tatlong minutong paghahanda hinggil sa paksa at dalawa hanggang tatlong minuto naman sa pagtatalumpati;
d) May kabawasang puntos sa kabuuang iskor na labis o kulang sa itinakdang oras ng pagtatalumpati:

| | | |
|---|---|---|
| 1-30 | segundo | - .5 puntos |
| 31-60 | segundo | - 1 puntos |
| 61 | segundo – pataas | - 2 puntos |

e) Itataas ang banderang berde bilang hudyat ng pagsisimula, banderang dilaw bilang hudyat sa nalalabing tatlumpong segundo at banderang pula na tapos na ang itinakdang oras; at
f) **Corporate attire** ang inaasahang kasuotan.

**II. Kagamitan mula sa Tagapag-organisa ng Paligsahan**

a) Banderang berde, dilaw at pula;
b) Paksang gagamitin;
c) Orasan, numero ng kalahok;
d) d.1 Isang (1)silid na **holding area** para sa 17 katao; at
d.2 Isang (1)silid para sa pagsasanay; at
d.2 Isang (1) silid Tanghalan para sa higit kumulang na 100 katao.

# 2020 PAMBANSANG TAGISAN NG TALENTO SA FILIPINO

| | | |
|---|---|---|
| **PALIGSAHAN** | **PAMBANSANG TAGISAN NG TALENTO** | |
| **BAITANG NG MAG-AARAL** | **Isang kalahok mula sa bawat Baitang 7, 8, 9 at 10** | |
| **KATEGORYA** | **INTERPRETATIBONG PAGBASA** *(Pagbibigay interpretasyon sa wastong pagbasa ng Talumpati, Monologo, Deklamasyon, Isahan at Sabayang pagbasa ng tula)* | |
| **BILANG NG KALAHOK** | Apat (4) | |
| **ORAS NA INILAAN** | Dalawampung (20) minuto kasama ang paghahanda at pagtatanghal | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **Pamantayan** | **Bahagdan** |
| | **Interpretasyon** | 40% |
| | Pagpapalutang ng diwa (20%) | |
| | Pagbibigay diin sa damdamin (20%) | |
| | **Hikayat** | 20% |
| | Dating sa madla (5%) | |
| | Pagbibigay buhay sa tauhan (5%) | |
| | Tindig (5%) | |
| | Kumpas/Kilos (5%) | |
| | **Bigkas** | 20% |
| | Matatas at maliwanag (10%) | |
| | May pagbubukod-bukod ng mga salita (5%) | |
| | May wastong diin at intonasyon (5%) | |
| | **Tinig** | 10% |
| | Lakas (5%) | |
| | Taginting (5%) | |
| | **Kaangkupan ng diwa at damdamin** | 10% |
| | **Kabuuan** | 100% |

**I. Patnubay sa Kalahok**

a) Ang piyesa na manggagaling sa tagapag-organisa ay ibibigay sa takdang araw ng paligsahan;
b) Isang piyesa lamang ang gagamitin para sa pagbibigay-interpretasyon;
c) Bibigyan ng 10 minuto ang bawat kalahok upang pag-aralan ang piyesang bibigyan ng interpretasyon.
d) Malaya ang mga kalahok na baguhin ang pagkakasunod-sunod ng binabasang piyesa;
e) Habang nagtatanghal ang unang kalahok, pag-aaralan naman ng susunod na kalahok ang piyesa na tatagal din ng 10 minuto, susundin ang paraang ito hanggang sa pinakahuling kalahok;
f) Lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang malaking silid na hindi maririnig ang pagtatanghal ng iba pang kalahok; samantalang ang kasunod na kalahok ay mamamalagi naman sa isa pang silid upang pag-aralan ang piyesang babasahin;
g) Dapat angkop ang interpretasyon sa genreng nakasulat sa piyesa;
h) Ang pagtatanghal ay hindi lalampas sa 10 minuto kasama ang pagpasok at paglabas sa entablado;
i) Walang anumang **props** o kagamitan, musika at instrumento na dadalhin at gagamitin ang mga kalahok;
j) Iikot ang interpretasyon sa piyesa lamang at walang adlib, at
k) Ang kasuotan ay **pantalong maong at puting t-shirt**.

**II. Kagamitan mula sa Tagapag-organisa ng Paligsahan**

a. Paksang gagamitin;
b. Orasan, numero ng mga kalahok;
c. c.1 Dalawang (2) silid na **holding area** para sa 68 katao;
c.2 Isang (1) silid para sa pagsasanay; at
c.3 Isang (1) silid Tanghalan para sa higit kumulang na 200 katao.

**Paalala**:

- Mahigpit na ipinagbabawal sa mga kalahok ang pagdadala ng anumang **electronic gadgets** sa **holding area** at sa buong panahon ng pagtatanghal.
- Hindi rin pinahihintulutan ang mga tagapagsanay na pumasok/lumapit sa **holding area**.
- Iwasan ang pagbanggit ng pagkakakilanlan ng mga kalahok.
- Ang paglabag dito ay magiging sanhi ng diskwalipikasyon.

## PAMANTAYAN NG PALIGSAHAN SA I-ispel Mo

### DESKRIPSIYON NG PALIGSAHAN

1. Ang paligsahan ay pansangay na tatawaging I-ispel mo
2. Magkatuwang na isasagawa ng Sangay ng Salin ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) at
3. Kapisanan ng mga Superbisor at Guro sa Filipino (KASAGUPIL).
4. Ang paligsahan ay magmumula sa mga mag-aaral sa Baitang 6.
5. Ang sinumang magwawagi ay pagkakalooban sertipiko at ang magkakamit ng unang Gantimpala ay siyang magiging pansangay na kinatawan para sa panrehiyong patimpalak I-ispel Mo.

### PARAAN NG PALIGSAHAN

**A. Kalipikasyon**

1. Isang (1) kalahok sa bawat Distritong Pampagtuturo na siyang magiging kinatawan sa pansangay na paligsahan.
2. Taglay ang mga sumusunod :
   2.1 nasa ikaanim na Baitang (Grade 6) at may mabuting katayuan sa paaralan na pinatutunayan ng kanyang principal;
3. Bawat rehiyon ay bubuoin ng dalawang delegado na kalahok
   3.1 isang (1) mag-aaral na kinatawan ng Distritong Pampagtuturo
   3.2 isang (1) tagapagsanay (coach)

**B. Krayterya sa paghatol**

1. Ang superbisor ang maghahanda ng mga salitang gagamitin sa paligsahan batay sa KWF Ortograpiyang Pambansa(OP)at UP Diksiyonaryong Filipino
2. Babashin ng Ispeling Master ang pangungusap na kinapapalooban ng salitang Babaybayin. Pagkatapos ng pangalawang pagbasa, ibibigay ang hudyat upang simulan ang ang pagsulat ng mga kalahok.
3. Ang puntos at bilang ng aytem na babaybayin ay gaya ng sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| MADALI | - | 10 aytem x 2 puntos = 20 puntos |
| KATAMTAMAN | - | 10 aytem x 3 puntos = 30 puntos |
| MAHIRAP | - | 10 aytem x 5 puntos = 50 puntos |
| KABUOAN | | =100 puntos |

4. Ang mga mag-aaral ay bibigyan ng pitong (7) Segundo upang maisulat ang Kaniyang sagot.
5. Ang magkakamit ng pinakamataas na puntos ang tatanghaling Kampeon sa I-ispel I-ispel mo.
6. Sa sandaling magkaroon ng patas na puntos, may nakalaang salaitang babaybayin na siyang magiging clincher.
7. Ang tie-breaker ay isasagawa batay sa sumusunod:
   7.1 Maglaan ng tatlong salitana paglalabanan ng may patas na puntos
   7.2 Ang makakukuha nang mas mataas na puntos ang siyang makakukuha Ng puwestong pinaglalaanan.
   7.3 Sa sandaling maging pstas muli ang kanilang puntos, magkakaroon ng Knock-out round.
8. Ang hatol ng inampalan ay pinal at hindi mababago.

**KOMITE SA PANSANGAY NA TAGISAN NG TALENTO AT I-ISPEL Mo**

| | |
|---|---|
| Pagpapatala: | Elisa Paras<br>Janice Jose<br>Sheila Santillan |
| Dokumentasyon: | Candice Jo-Ann Aquino<br>Josie Dizo<br>Rasaver Doctoliro |
| Programa at Paanyaya: | Diana Ceralde<br>Enrico Lee Suarez<br>Sheila Marie De Vera |
| Tagapagdaloy: | Madulang Pagkukuwento: Myrna S. Peralta at Mga Guro sa Filipino<br>Sulkas – Tula : Joy U. Ceralde at Mga Guro sa Filipino<br>Dagliang Talumpati : Sheila Marie De Vera at Mga Guro sa Filipino<br>Interpretatibong Pagbasa: Hazel Dolor at Mga Guro sa Filipino<br>I – ispel Mo : Renato R. Santillan at Mga Guro sa Filipino |
| Pamatid-Uhaw | Maricel Espinoza<br>Romelita Bandong |

Note : Pakiusap sa Department Heads na kayo na ang bahalang pumili ng inyong makakasama guro sa inyong mga gawain. Maraming salamat.